GREAT FAITH

# Ang Iba pa

WEEK 6

## WARM-UP

- Ano ang pinaka maipagmamalaki mong kaganapan sa buhay mo?
- Ano ang gusto mong maipamana sa susunod na henerasyon?
- Ano ang isang bagay na nagbibigay sa iyo ng lakas na magpatuloy sa buhay?

## WORD

*39 Kinalugdan silang lahat ng Diyos dahil sa pananampalataya nila. Ngunit hindi nila natanggap sa panahon nila ang ipinangako ng Diyos sa kanila. 40 Ito'y dahil may mas mabuting plano ang Diyos para sa atin, dahil nais niyang makasama nila tayo kapag tinupad na niya ang ipinangako niya sa kanila.* **MGA HEBREO 11:39,40**

Sa kabuuan ng Bibliya, marami ang nagpakita ng dakilang pananampalataya at sila ay naitala sa bulwagan ng pananampalataya sa liham na ibinigay para sa mga Hebreo. Bagama't hindi sila perpekto, sinubukan nilang gumawa ng mga dakilang bagay para sa Diyos at pagtiisan ang mga paghihirap para sa Kanya. Ito ay dahil sa nakita nila ang *mas mabuting plano* na ibibigay Niya. Ito rin ang pinananabikan natin. Maaari nating matutunan mula sa kanilang mga buhay ang tungkol sa pagkakaroon ng dakilang pananampalataya.

## 1 Magagawa natin ang mga dakilang bagay para sa Diyos.

*. . . hindi sila napaso sa nagliliyab na apoy, at nakaligtas sila sa kamatayan sa pamamagitan ng espada. Ang iba sa kanila'y mahihina, pero pinalakas sila ng Diyos. At naging makapangyarihan sila sa digmaan at nilupig ang mga dayuhang hukbo.* **MGA HEBREO 11:34**

(Basahin din ang **MGA HEBREO 11:32,33.**)

Ang paglupig sa mga kaharian, pamamahala nang may katarungan, at iba pang sinabi sa pahayag na ito ay imposible para sa tao. Subalit nagawa ito ng ilang tao hindi dahil sa sarili nilang kapangyarihan o pagsusumikap. Ipinapakita ng mga ito na ang kapangyarihan ng Diyos ang kumilos sa pamamagitan nila. Ang pananampalataya sa Diyos ay nagbibigay sa atin ng kakayahan na gumawa ng mga dakilang bagay para sa Kanya. Ano ang mga magagawa natin sa pamamagitan ni Cristo? (Mga Taga-Filipos 4:13)

## 2 Makapagtitiis tayo sa gitna ng mga pagsubok.

*[37]Pinagbabato ang iba hanggang sa mamatay, ang iba naman ay nilagari hanggang mahati ang katawan nila, at mayroon ding pinatay sa espada. Ang ilan sa kanila ay nagdamit na lang ng balat ng tupa at kambing. Naranasan nilang maghikahos, usigin at apihin. [38]Nagtago sila sa mga ilang, mga kabundukan, mga kweba at mga lungga sa lupa.* **MGA HEBREO 11:37,38**

(Basahin din ang **MGA HEBREO 11:35,36.**)

Sinabihan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo na sa mundong ito ay maraming pagsubok (Juan 16:33). Ang mga mananampalataya ay dumanas ng matinding pang-aapi sa kamay ng mga tao. Subalit sa kabila nito, pinarangalan sila dahil sa kanilang dakila at hindi natitinag na pananampalataya. Hindi man ganito ang kinakaharap natin ngayon, dumaranas pa rin tayo ng paghihirap sa buhay. Subalit maaari tayong magtiwala sa katotohanan na pinagtagumpayan na ni Cristo ang mundo.

Paano tayo lumalakas sa pamamagitan ng pagsubok sa ating pananampalataya? (Mga Taga-Roma 5:3-5)

## 3 Matatanggap natin ang ipinangako ng Diyos.

*[39]Kinalugdan silang lahat ng Diyos dahil sa pananampalataya nila. Ngunit hindi nila natanggap sa panahon nila ang ipinangako ng Diyos sa kanila. [40]Ito'y dahil may mas mabuting plano ang Diyos para sa atin, dahil nais niyang makasama nila tayo kapag tinupad na niya ang ipinangako niya sa kanila.*

**MGA HEBREO 11:39,40**

Ang mga mananampalataya ay hindi gumawa ng mga dakilang bagay at nagtiis sa gitna ng mga pagsubok para lamang makagawa ng pangalan para sa kanilang mga sarili. Ginawa nila ito nang may pananampalataya at pag-asa na may *mas mabuting plano* sa kanila ang Diyos at ihahanda Niya ito para sa kanila. Nagawa nilang tiisin ang panandaliang paghihirap dahil pinanghawakan nila ang pangakong ito ng Diyos. Dahil sa kanilang pananampalataya, *hindi ikinakahiya ng Diyos na Siya'y tawagin nilang Diyos* (Mga Hebreo 11:16). Ano ang mga pangako ng Diyos na mayroon tayo kay Cristo?

## APPLICATION

- Ano ang isang bagay na ipinapagawa sa iyo ng Diyos? Mangakong gagawin ito nang may pananampalataya ngayong linggo.
- Ano ang mga pang-aapi at paghihirap na kinakaharap mo dahil namumuhay ka ayon sa kagustuhan ng Diyos? Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo upang panghawakan ang Kanyang Salita at tumugon nang may pananampalataya?
- Sino ang isang taong mahihikayat mo na tumugon nang may pananampalataya sa kabila ng mga pagsubok? Mangakong makikipag-ugnayan ka sa taong ito ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagkakataon na gawin ang isang imposibleng bagay kasama Niya. Pasalamatan Siya na sa gitna ng mga pang-aapi at pagsubok, Siya ay kasama natin at pinalalakas Niya tayo.
- Ipanalangin na palakasin ng Diyos ang iyong pananampalataya sa kabila ng mga kinakaharap mong mga pagsubok. Ipanalangin na magbigay kalakasan sa iba ang pagtugon mo nang may pananampalataya sa Kanya.
- Hingin sa Diyos na ipaalam sa iyo ang mga tao sa buhay mo na nangangailangan ng lakas ng loob. Mangakong ipapanalangin sila at palalakasin ang kanilang loob sa pamamagitan nang pananampalataya.

## NOTES

VICTORY

© 2019 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph